



Teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa pagtuturo ng Noli Me Tangere

Riza A. Flores

Tambler, General Santos, Philippines

Corresponding Author email: riza.aristoteles@deped.gov.ph

Received: 27 December 2025

Revised: 11 February 2026

Accepted: 20 February 2026

Available Online: 21 February 2026

Volume I (2026), Issue 1, P-ISSN – 3116-3769; E-ISSN - 3116-3777

<https://doi.org/10.63498/injelps7>

Abstrak

Layunin: Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* bilang pantulong na kagamitang panturo sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*, partikular sa pagpapalalim ng pag-unawa at paglinang ng pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral. Sinikap din nitong matukoy ang bisa ng teleserye bilang makabagong estratehiya sa pagpapalapit ng akda ni Jose Rizal sa makabagong henerasyon ng mag-aaral.

Metodolohiya: Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong-kwalitatibong disenyo. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng semi-structured interview sa mga piling guro ng asignaturang Filipino mula sa iba't ibang pampublikong paaralan sa Lungsod ng General Santos. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang thematic analysis upang matukoy ang mahahalagang tema at padron ng mga karanasan at pananaw ng mga guro hinggil sa paggamit ng teleserye sa pagtuturo.

Resulta: Ipinakita ng mga resulta na nakatulong ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tauhan, tagpuan, at temang panlipunan ng *Noli Me Tangere*. Natuklasan din na nakapagpataas ito ng interes sa panitikan at nakapag-udyok ng mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga talakayan sa klase. Gayunpaman, natukoy ang ilang hamon tulad ng limitadong oras sa pagtuturo, ilang paglihis mula sa orihinal na akda, at ang pangangailangang magkaroon ng maingat na paggabay ng guro sa paggamit ng midya.

Konklusyon: Batay sa mga natuklasan, mabisang pantulong sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere* ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* kung gagamitin nang may maingat na pagpapalalim at wastong pedagogikal na paggabay. Inirerekomenda ng pag-aaral ang integrasyon ng interaktibong gawain, sapat na pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng makabagong midya, at pagsasagawa ng karagdagang pananaliksik upang masuri ang pangmatagalang epekto ng teleserye sa pagkatuto at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Mga Susing Salita: *Maria Clara at Ibarra*, *Noli Me Tangere*, *Panitikang Pilipino*, *midya sa edukasyon*, *pagtuturo ng panitikan*

INTRODUKSYON

Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng edukasyon sapagkat hinuhubog nito ang historikal na kamalayan at pagpapahalagang makabayan ng mga mag-aaral. Sa Pilipinas, ang pag-aaral ng mga akda ni José Rizal ay may natatanging papel sa pagpapaunlad ng nasyonalismo, alinsunod sa Republic Act No. 1425. Gayunpaman, sa kasalukuyang panahon ng digital na teknolohiya, nahaharap ang pagtuturo ng mga klasikong akda sa hamon ng pagbaba ng interes at limitadong pag-unawa ng ilang mag-aaral.

Sa pandaigdigang konteksto, sinusuportahan ng Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Mayer (2021) na mas epektibong natututo ang mga mag-aaral kapag pinagsasama ang tekstuwal at biswal na presentasyon ng impormasyon. Ipinakita rin nina Karaktan at Verma (2025) na ang paggamit ng literary adaptations at film sa pagtuturo ng panitikan ay nakapagpataas ng learner engagement at mas malalim na pagsusuri sa akda kapag may malinaw na gabay pedagogikal. Ipinahihiwatig nito na ang biswal na adaptasyon ay maaaring magsilbing pantulong na estratehiya sa pagpapalalim ng pag-unawa, at hindi kapalit ng teksto.



International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)

P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777

National Book Development Board (NBDB)
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312PRC-CPD Accredited Provider:
PTR-2025-749

Sa kontekstong Pilipino, ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay isang makabagong adaptasyon ng Noli Me Tangere na naglalayong gawing mas makabuluhan ang nobela para sa kasalukuyang henerasyon. Ayon kina Tumacder at Ramos (2025), may potensyal ang adaptasyong ito bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo dahil napalalawak nito ang diskurso sa mga isyung panlipunan at historikal ng akda. Gayundin, ipinakita nina Sotto at Barquilla (2025) na positibo ang pananaw ng mga guro sa paggamit nito bilang suportang materyal sa pagtuturo ng panitikan.

Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang paggamit ng Maria Clara at Ibarra sa pagtuturo ng Noli Me Tangere at tukuyin kung paano ito nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral, nang may malinaw na layuning pedagogikal.

Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang panitikan ay kinikilala bilang isang sining na nagpapahayag ng damdamin, kaisipan, at kultura ng lipunan, at nagsisilbing instrumento sa paghubog ng pambansang identidad (Gomez, 2022). Sa larangan ng edukasyon, nagsisilbi rin itong kasangkapan upang maunawaan ng kabataan ang kasaysayan, istrukturang panlipunan, at mga tradisyonal na pagpapahalaga. Gayunpaman, ipinapakita ng ilang pag-aaral (Azores & Velasco, 2025; Rohi & Nurhayati, 2024) na ang tradisyunal na pagtuturo ng panitikan ay may limitadong epekto sa interes at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, lalo na sa harap ng mabilis na pag-usbong ng digital media at social entertainment.

Ang paggamit ng multimodal literacy approaches ay lumalabas na mas epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Halimbawa, ipinakita nina Daulay & Dewi (2025) at Fradana et al. (2025) na ang integrasyon ng visual, audio, at digital na materyales sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng literary comprehension at nagbibigay-daan sa mas malalim na kritikal na pag-iisip. Katulad nito, ang pagsusuri nina Carcamo & Pino (2025) at Linder & Falk-Ross (2024) ay nagpapatunay na ang multimodal pedagogy ay nag-aambag sa pagpapalawak ng pedagogical repertoire ng mga guro, at nagbibigay ng flexibility upang maangkop ang pagtuturo sa iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagama't may positibong epekto ang mga pamamaraang ito, nakasaad rin sa mga pag-aaral ang mga limitasyon tulad ng kakulangan sa oras sa pagtuturo at limitadong akses sa teknolohiya (Rohi & Nurhayati, 2024).

Sa konteksto ng lokal na pagtuturo, ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay nagbibigay ng tulay sa pagitan ng klasikong nobela at kontemporaryong karanasan ng kabataan. Ipinapakita ng pag-aaral nina Tumacder & Ramos (2025) at Azores & Velasco (2025) na ang adaptasyong biswal at dramatikong representasyon ay nakapagpapataas ng engagement ng mga mag-aaral at nag-uudyok ng mas malalim na pag-unawa sa tauhan, tema, at simbolismo ng nobela. Ang karakter na si Klay, halimbawa, ay nagsisilbing link sa pagitan ng kolonyal na konteksto ng nobela at karanasan ng kabataan ngayon, na naglalahad ng potensyal ng teleserye bilang mabisang kasangkapan sa pagtuturo.

Bukod sa lokal na adaptasyon, ipinapakita rin ng Liu et al. (2024) at New London Group (1996) ang kahalagahan ng multiliteracies pedagogy sa pagbibigay-diin sa paggamit ng iba't ibang "modes of meaning," kabilang ang visual, audial, gestural, spatial, at digital. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ay nagiging mas kontekstwal at mas epektibo, na tumutugon sa mabilis na pagbabago ng digital landscape at sa pangangailangan ng kabataan para sa aktibong partisipasyon.

Ang mga pag-aaral nina Rocamora & Baguio (2025), Veliz & Nguyen (2025), at Daulay & Dewi (2025) ay nagpapakita rin na ang professional development at pagsasanay ng guro sa paggamit ng multimodal materials ay kritikal upang maging epektibo ang pagtuturo. Ito ay tumutugma sa natuklasan nina Fradana et al. (2025) na ang integrasyon ng digital at visual resources ay nagdudulot ng mas mataas na student achievement at engagement, lalo na sa mga asignaturang panliteratura.

Bagama't maraming pag-aaral ang naglalarawan ng positibong epekto ng multimedia sa pagtuturo, limitado pa rin ang sistematikong pagsusuri kung paano ginagamit ang teleserye sa silid-aralan at kung paano ito nakaaapekto sa literary competence at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral (Azores & Velasco, 2025; Tumacder & Ramos, 2025). Dahil dito, malinaw na may puwang sa pananaliksik hinggil sa aktwal na aplikasyon ng teleserye sa pagtuturo, kabilang ang mga hamon, limitasyon, at kontribusyon nito sa pagpapahalagang pampanitikan ng kabataan. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong punan ang puwang na ito sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri ng mga estratehiya sa pagtuturo, partisipasyon ng mag-aaral, at mga resulta ng edukasyon sa paggamit ng teleseryeng Maria Clara at Ibarra, na isinasaalang-alang ang lokal na kaligiran at kontekstwal na aplikasyon.

Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay inangkla sa Multiliteracy Theory ng New London Group (1996), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsasanib ng iba't ibang modes of meaning—biswal, audial, gestural, spatial, at digital—kasabay ng tradisyonal na pagbasa at pagsulat. Ayon sa teoryang ito, ang pagkatuto ay nagiging mas makabuluhan kapag isinasaalang-alang ang kabuuang konteksto ng komunikasyon at paggamit ng teknolohiya sa modernong edukasyon.

Sa pamamagitan ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*, ipinapakita ng pag-aaral kung paano maaaring pagsamahin ang tradisyonal na panitikan at modernong midya upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tema, tauhan, at konteksto ng *Noli Me Tangere*. Ang teoryang ito ang nagiging lente sa pagsusuri ng pedagogical practices ng mga guro, partikular sa kung paano nila ginagamit ang teleserye upang mapalakas ang literary competence at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, ang Multiliteracy Theory ay nagsisilbing gabay upang ipakita ang potensyal ng biswal at digital na adaptasyon ng klasikong panitikan sa pagtuturo, na nagbibigay-daan sa mas epektibo, mas engaging, at mas kontekstwal na pagkatuto para sa kabataan.

Paglalahad ng Suliranin

Sa kabila ng patuloy na kahalagahan ng *Noli Me Tangere* bilang pangunahing akdang pampanitikan sa kurikulum ng sekondarya, nananatiling isang hamon sa mga guro ang pagpapataas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa nobela sa gitna ng pag-usbong ng makabagong teknolohiya at popular na midya. Bagama't ipinakita ng ilang pag-aaral na ang paggamit ng audio-biswal na materyales ay maaaring magsilbing epektibong pantulong sa pagtuturo ng panitikan, kakaunti pa rin ang mga pananaliksik na sistematikong sumusuri sa aktuwal na paraan ng paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* ng mga guro sa silid-aralan at sa implikasyon nito sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Sa lokal na konteksto, partikular sa Lungsod ng General Santos, hindi pa sapat na natutukoy kung paano ginagamit ng mga guro ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* bilang pantulong sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*, gayundin kung paano ito nakaaapekto sa interes, pag-unawa, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral. Ang kakulangan ng empirikal na pag-aaral na nakatuon sa pedagogikal na praktika ng mga guro ang nagbibigay-diin sa pangangailangang isagawa ang kasalukuyang pananaliksik upang makapagbigay ng batayang akademiko at praktikal na gabay sa epektibong paggamit ng teleserye sa pagtuturo ng panitikang Pilipino.

Layunin ng Pananaliksik

Pagkalahatang Layunin

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* bilang pantulong na kagamitang panturo sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere* at ang impluwensiya nito sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Mga Tiyak na Layunin

Partikular na nilalayon ng pag-aaral na:

1. Ilahad kung paano ginagamit ng mga guro ng Filipino ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*.
2. Tukuyin ang mga estratehiyang panturo na ginagamit ng mga guro sa integrasyon ng teleserye sa kanilang mga aralin.
3. Suriin ang pananaw ng mga guro hinggil sa impluwensiya ng teleserye sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.
4. Matukoy ang mga hamon at limitasyong nararanasan ng mga guro sa paggamit ng teleserye bilang pantulong na midya sa pagtuturo.
5. Makapagbigay ng mga rekomendasyong pedagogikal para sa mas epektibo at balanseng paggamit ng teleserye sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Paano ginagamit ng mga guro ng Filipino ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*?
2. Anu-ano ang mga estratehiyang panturo na ginagamit ng mga guro sa integrasyon ng teleserye sa kanilang mga aralin sa panitikan?

3. Paano nakaaapekto ang paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral?
4. Anu-ano ang mga hamon at suliraning nararanasan ng mga guro sa paggamit ng teleserye bilang pantulong na kagamitang panturo?
5. Anu-anong mga pedagogikal na rekomendasyon ang maaaring ilahad upang mapabuti ang paggamit ng teleserye sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*?

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng deskriptibong kwalitatib na disenyo upang masuri ang karanasan ng mga piling guro sa paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*. Ang deskriptibong kwalitatib na disenyo ay nakatuon sa malalim na paglalarawan ng pananaw, karanasan, at gawi ng mga kalahok, na hindi madaling masukat sa paraang estadistikal (Creswell & Poth, 2023).

Sa aktuwal na aplikasyon, isinagawa ang mga panayam upang makuha ang detalyadong impormasyon tungkol sa mga pamamaraan, obserbasyon, at pananaw ng mga guro sa paggamit ng teleserye bilang kasangkapan sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng ganitong disenyong pananaliksik, natukoy kung paano nakakatulong ang teleserye sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan, pati na rin ang mga salik na nakaaapekto sa bisa ng estratehiyang ito (Creswell & Poth, 2023).

Populasyon at Sampol

Ang populasyon ng pag-aaral na ito ay binubuo ng mga guro ng Filipino sa pampublikong paaralan sa Lungsod ng General Santos na nagtuturo ng *Noli Me Tangere* sa antas sekondarya sa Taong Panuruan 2024–2025. Pinili ang sampung (10) guro gamit ang snowball sampling, isang teknik kung saan ang mga unang kalahok ay nagrekomenda ng iba pang guro na may karanasan at kaalaman sa paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo.

Ang mga napiling guro ay aktibong gumagamit ng teleserye bilang bahagi ng kanilang estratehiya sa pagtuturo. Ang kanilang karanasan at pamamaraan ang nagsilbing batayan sa pagsusuri kung paano epektibong naisasama ang teleserye sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*.

Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral ay isang researcher-made semi-structured interview guide, idinisenyo upang makalap ang pananaw ng mga piling guro ng Filipino sa paggamit ng teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo ng *Noli Me Tangere*. Ang gabay ay sumailalim sa validation ng tatlong eksperto sa Filipino at kwalitatibong pananaliksik upang matiyak ang angkop at malinaw na mga tanong.

Nahati ang gabay sa dalawang bahagi: una, ang paraan ng paggamit ng teleserye sa leksyon, kabilang ang mga piling eksena at layunin ng guro; at pangalawa, ang impluwensya nito sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral, kabilang ang obserbasyon sa kanilang interes, pag-unawa, at reaksiyon. Bilang pantulong, ginamit ang tala ng mananaliksik at audio recording upang matiyak ang katumpakan ng datos.

Pagkalap ng Datos

Ang datos para sa pag-aaral na ito ay nakalap sa pamamagitan ng semi-structured interviews gamit ang researcher-made interview guide na na-validate ng mga eksperto. Ang mga panayam ay isinagawa mula Marso hanggang Abril 2025, sa pribado at komportableng lugar, tulad ng paaralan o tahanan, upang matiyak ang kaligtasan at kaginawaan ng mga kalahok. Ang bawat panayam ay tumagal ng humigit-kumulang 40–60 minuto at naitala gamit ang audio recorder at isinulat sa transcript para sa masusing pagsusuri.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa nakatakdaang iskedyul, kung saan inayos ang oras ng panayam kasabay ng availability ng bawat kalahok. Ang daloy ng aktuwal na pangangalap ng datos ay kinabibilangan ng pagpapaliwanag ng layunin at proseso, aktwal na panayam, at transkripsyon ng sagot para sa pagsusuri.

Pagsusuri ng Datos

Ginawa ang transkripsyon ng datos mula sa semi-structured interviews sa mga guro ng Filipino upang matiyak ang katumpakan ng kanilang sagot. Bawat transkripsyon ay binasa nang paulit-ulit upang matukoy ang mahahalagang pahayag at ideya.

Ginamit ang tematikong pagsusuri batay sa pitong hakbang nina Braun at Clarke (2006), mula sa pagpamilyar sa datos, paggawa ng paunang koda, paghahanap at pag-refine ng tema, pagpapangalan at paglalarawan ng tema, hanggang sa narrative interpretation at pagsulat ng ulat. Pinino ang mga kategorya ayon sa estratehiya at layunin ng guro sa paggamit ng teleserye at ang impluwensya nito sa pag-unawa, interes, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Upang mapanatili ang kredibilidad, isinagawa ang paulit-ulit na pagbasa at paghahambing ng sagot, at ginamit ang piling pahayag bilang suporta sa bawat tema. Lahat ng datos ay itinuring na kumpidensyal at ginamit lamang para sa layuning akademiko.

Mga Pagsasaalang-alang sa Etika

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa alinsunod sa mahigpit na pamantayang etikal:

- Pahintulot at Awtorisasyon: Humingi at nakakuha ng pahintulot mula sa punong-guro, Kagawaran ng Edukasyon (DepEd).
- May Kaalamang Pahintulot (Informed Consent): Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, pamamaraan, posibleng panganib, at benepisyong dulot ng pag-aaral bago sila lumahok.
- Pagiging Kompidensyal: Hindi isinama ang mga personal na pagkakakilanlan ng mga kalahok, at ang mga datos ay ligtas na iningatan at tanging ang mananaliksik lamang ang may kakayahan makagamit.
- Integridad Akademiko: Ang lahat ng ginamit na instrumento, sanggunian, at materyales ay wasto at maayos na binanggit upang maiwasan ang plagyarisismo.

Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, natiyak ang pangangalaga sa karapatan ng mga kalahok at ang pagpapanatili ng kredibilidad, transparency, at etikal na integridad ng pananaliksik.

Mga Resulta at Talakayan

Sa kabanatang ito, inilahad at tinalakay ang datos mula sa pananaw ng sampung guro ng Filipino na gumagamit ng teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa piling pampublikong paaralan sa General Santos City. Ang datos ay nakalap gamit ang semi-structured interview (isinagawa ang tiyak na set ng tanong ngunit may kalayaan sa dagdag na paliwanag ng kalahok) at sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis batay sa Braun at Clarke (2006), isang sistematikong paraan ng pagbuo ng tema mula sa mga pananaw ng kalahok.

Lahat ng kalahok ay aktibong nagtuturo ng Noli Me Tangere sa loob ng humigit-kumulang dalawang taon gamit ang teleserye bilang pantulong na midya. Ang kanilang karanasan, mula sa baguhan hanggang sa beteranong guro, ay nagbigay ng malalim na konteksto sa pagsusuri ng integrasyon ng makabagong midya sa pedagogiya ng panitikan (Carcamo & Pino, 2025).

Paggamit ng Teleserye sa Pagtuturo

Lumitaw ang tatlong pangunahing tema sa paggamit ng teleserye: (1) bilang lunsaran ng aralin, (2) bilang pagpapalalim ng diskusyon, at (3) bilang instrumento sa paglinang ng pagpapahalaga sa panitikan.

Talahanayan 1

Paggamit ng Teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa Pagtuturo ng Noli Me Tangere

Mga Tema	Mga Pangunahing Ideya	Dalas ng Tugon
Paggamit Bilang Lunsaran	Pagpapanood ng Piling Eksena ng Teleserye Pagkakaroon ng <i>Performance Task</i> Gamit ang Teleserye	Pangkalahatan
Paggamit Bilang Pagpapalalim ng	Paggamit Bilang Biswal na Pantulong Pagpili ng Mahahalagang Eksena Mula sa	Pangkalahatan

Diskusyon

Teleserye

Paghahambing ng Teleserye sa Orihinal na Nobela

Pagpapaliwanag ng Simbolismo at Mensahe ng Akda

Paglinang sa
Pagpapahalagang
Panitikan

Pagbigay-diin sa mga Aral, Emosyon at Panlipunang Isyu

Pag-ugnay sa Sariling Karanasan at sa Kasalukuyang Panahon

Pagpukaw ng Damdaming Makabayan at Malasakit sa Lipunan

Tipikal

Paggamit Bilang Lunsaran

Ginagamit ang teleserye bilang panimulang hakbang upang mas makahikayat at mas mapadali ang pag-unawa sa komplikadong bahagi ng nobela. Sa pamamagitan ng piling eksena, nagkakaroon ang mga estudyante ng konkretong imahe ng damdamin at pangyayari, na nagbibigay-daan sa mas malalim na talakayan (Linder & Falk-Ross, 2024).

Guro 1: "...Isinasama ko ang teleserye sa aking leksyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng ilang eksena..."

Guro 5: "...Ang eksena ni Sisa na nabaliw ay nakatulong upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang damdamin at pangyayari..."

Guro 10: "...Ginagamit ko ang teleserye bilang tulay upang gawing mas makabago at maiugnay ang pagtalakay sa nobela..."

Ang paggamit ng teleserye bilang lunsaran ay nagpapakita ng multimodal literacy at nagtataguyod ng aktibong partisipasyon. Kaugnay ito sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing ang biswal at dramatikong midya ay nakapagpapataas ng comprehension at engagement ng estudyante (Carcamo & Pino, 2025). Ipinapakita nito na ang teleserye bilang multimodal teaching tool ay epektibo sa learner-centered approach, kung saan ang aktwal na karanasan ng mag-aaral ang sentro ng pagkatuto.

Paggamit Bilang Pagpapalalim ng Talakayan

Ang teleserye ay nagsisilbing biswal na pantulong upang mas madaling maipaliwanag ang mga abstraktong konsepto tulad ng simbolismo, tema, at karakter. Pinapalakas nito ang diskusyon sa klase sa pamamagitan ng mas konkretong representasyon (Linder & Falk-Ross, 2024).

Guro 2: "...Mas malinaw na mayroong visual na ipinapakita upang mas mapalawak ang kaalaman..."

Guro 4: "...Nakatutulong sa pagbibigay ng biswal na representasyon sa mga matatalinhagang pahayag..."

Ipinapakita ng datos na ang teleserye ay hindi lamang pantulong sa pag-unawa ng teksto kundi daluyan ng kamalayang panlipunan at empatiya. Kaugnay ito sa literaturang nagsasabing ang multimodal approaches ay nakapagpapalalim ng comprehension at moral understanding sa panitikan (Carcamo & Pino, 2025; Linder & Falk-Ross, 2024). Sa pedagohiya, nagiging modelo ito ng integrasyon ng makabagong midya sa pagtuturo ng klasikong panitikan nang hindi nawawala ang akademikong lalim.

Paglinang sa Pagpapahalagang Pampanitikan

Ang teleserye ay nakatulong sa paglinang ng pagpapahalagang pampanitikan sa pamamagitan ng biswal at dramatikong representasyon, na nagpapalalim sa pag-unawa sa aral, emosyon, at panlipunang isyu ng nobela (Carcamo & Pino, 2025).

Guro 2: "...Mas higit na nakatulong ito sa pagpapaliwanag ng mga malalim na eksena... mas nakikita ng mga mag-aaral ang kahinatnan ng mga pangyayari..."

Guro 8: "...Makikita ang mga emosyon at katauhan ng bawat tauhan... mas naiintindihan ng mga mag-aaral ang mga nangyayari sa pamahalaan at simbahan..."

Ipinapakita ng datos na ang teleserye ay hindi lamang pantulong sa pag-unawa ng teksto kundi daluyan ng kamalayang panlipunan at empatiya. Kaugnay ito sa literaturang nagsasabing ang multimodal approaches ay

nakakapagpalalim ng comprehension at moral understanding sa panitikan (Carcamo & Pino, 2025; Linder & Falk-Ross, 2024). Sa pedagohiya, nagiging modelo ito ng integrasyon ng makabagong midya sa pagtuturo ng klasikong panitikan nang hindi nawawala ang akademikong lalim.

Ipinapakita ng mga resulta na ang integrasyon ng teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa pagtuturo ng Noli Me Tangere ay epektibong estratehiya sa paglinang ng pagpapahalagang pampanitikan. Hindi lamang nito pinapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto, kundi pinatitibay rin ang kanilang empatiya, kamalayang panlipunan, at pagpapahalaga sa aral ng nobela. Samakatuwid, pinatutunayan ng pag-aaral na ang paggamit ng makabagong midya ay nagpapalakas sa kabuluhan ng klasikong panitikan at sa paghubog ng makatao at mapanuring kamalayan ng kabataan.

Impluwensiya sa Pagpapahalagang Pampanitikan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa Pagtuturo ng Noli Me Tangere

Ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay nagkaroon ng positibong impluwensiya sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan, partikular sa kanilang pagkaunawa sa mga temang tinalakay sa Noli Me Tangere. Sa pamamagitan ng malikhaing pagsasalaysay at biswal na pagpapakita, nagsilbing tulay ang teleserye na nag-uugnay sa mga kabataan sa mga aral at isyung panlipunan ng nobela.

Sa pagbabalik-tanaw sa mga kaganapan ng nobela sa pamamagitan ng teleserye, mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga temang may kaugnayan sa kabutihang panlahat at pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas. Ang teleserye ay nagiging mahalagang kasangkapan sa pagpapalaganap ng kaalaman at pagmamahal sa panitikan at kasaysayan ng bansa. Sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw ang tatlong pangunahing tema hinggil sa impluwensiya ng teleserye sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral: (1) pagtaas ng interes sa panitikan, (2) pagpapahalaga sa konteksto ng nobela, at (3) pag-uugnay ng nobela sa kasalukuyang panahon. Ipinapakita nito ang epektibong paggamit ng teleserye bilang pantulong sa pagtuturo ng Noli Me Tangere, na nagbubukas ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa akdang pampanitikan.

Talahanayan 2

Impluwensiya sa Pagpapahalagang Pampanitikan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Teleseryeng Maria Clara at Ibarra sa Pagtuturo ng Noli Me Tangere

Mga Tema	Mga Pangunahing Ideya	Dalas ng Tugon
Pagtaas ng Interes sa Panitikan	Pagtaas ng Interes sa Pagbabasa ng Nobela Mas Aktibong Partisipasyon sa Klase	Pangkalahatan
Pagpapahalaga sa Konteksto ng Nobela	Pagpapahalaga sa Kasaysayan Pag-unawa sa Kawalang-Katarungan at Panlipunang Isyu Noong Panahon ng Kolonisasyon	Tipikal
Pag-uugnay ng Nobela sa Kasalukuyang Panahon	Paglalapat ng Sariling Karanasan sa Kasalukuyan Pagkakaugnay ng Kabataan sa Tradisyonal na Pagpapahalaga	Tipikal

Pagtaas ng Interes sa Panitikan

Ang teleserye ay nagiging epektibong estratehiya sa pagtuturo dahil sa kakayahan nitong gawing **mas biswal at nakakahikayat ang mga talakayan**. Sa pamamagitan ng konkretong imahe at dramatikong eksena, mas nagiging aktibo ang partisipasyon ng mga mag-aaral.

Guro 6: "...Makikita ang kaibahan ng mayayaman at mahihirap noong panahon ng Kastila..."

Guro 7: "...Layunin kong mas mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa panitikan... mas nahuhumaling ang kabataan sa makabagong teknolohiya..."

Guro 9: "...Nagkakaroon sila ng ideya sa klase, mas maraming tanong, mas naiintindihan ang eksena..."

Guro 10: "...Marami sa kanila ang nagpahayag ng interes na basahin ang buong *Noli Me Tangere* at mas lumalim ang kanilang pag-unawa..."

Mahalaga ang natuklasan na ito sapagkat ipinapakita na ang integrasyon ng biswal at multimodal na materyal ay **nakapagpapataas ng interes at comprehension ng mga mag-aaral** sa literacy task. Ang pag-aaral nina **Carcamo at Pino (2025)** na tumutok sa paggamit ng *infographics* bilang multimodal text para sa reading comprehension ay nagpapakita na ang kombinasyon ng visual at tekstuwal na impormasyon ay may positibong epekto sa pag-unawa ng mag-aaral sa mga tekstong binabasa. Ang ganitong uri ng materyales ay nagiging epektibong pantulong sa *meaning-making processes* at pag-buo ng mas malalim na kahulugan sa teksto, na kapaki-pakinabang lalo na sa pagtuturo ng panitikan kung saan madalas abstrakto at malalim ang nilalaman.

Pagpapahalaga sa Konteksto ng Nobela

Ang nobela ay salamin ng kasaysayan at lipunan, at ang teleserye ay **tumutulong upang gawing mas konkretong karanasan ang mga temang ito para sa mga mag-aaral.**

Guro 3: "...Malaki ang naitulong ng teleserye sa pagpapayaman ng kaalaman at pagpapahalaga sa panitikan..."

Guro 6: "...Mas napapahalagahan nila ang panitikan bilang bahagi ng ating kasaysayan..."

Guro 10: "...Mas relatable at engaging ang mga tauhan..."

Mahalaga ang natuklasang ito sapagkat ipinapakita na ang teleserye ay nagbibigay konteksto at nagpapalalim ng pag-unawa sa kasaysayan, kultura, at panlipunang istruktura na tinatalakay sa nobela. Ang ganitong interpretatibong suporta ay katulad ng mga resulta mula sa mga pag-aaral sa multimodal pedagogy. Ayon sa pagsusuri nina Linder at Falk Ross (2024), ang paggamit ng multimodal na kagamitan, na pinagsasama ang teksto at biswal na representasyon, ay maaaring magpalalim ng interpretative understanding at paglahok ng mga mag-aaral sa aralin dahil pinagsasama nito ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng kahulugan sa isang learning task.

Pag-uugnay ng Nobela sa Kasalukuyang Panahon

Ang teleserye ay nagsisilbing tulay upang **ipakita ang kaugnayan ng mga tema ng nobela sa kontemporaryong buhay ng mga mag-aaral**, kabilang ang tradisyonal na pagpapahalaga tulad ng pagmamahal sa pamilya, paggalang sa kapwa, at kabutihang panlipunan.

Guro 4: "...Layunin kong maikintal sa isip ng mga mag-aaral ang diwa ng makabayan at pagmamahal sa bayan..."

Guro 5: "...Ang eksenang pag-durusa nina Sisa, Basilio, at Crispin ay nagbigay-diin sa kawalang-katarungan noon at may katumbas pa rin sa kasalukuyan..."

Guro 8: "...Nabigyan ng buhay ang nobela sa pamamagitan ng modernong adaptasyon, mas engaging at interesting para sa kabataan..."

Guro 9: "...Nauugnay ng mga mag-aaral ang mga eksena sa kanilang sariling buhay at sa kasalukuyang lipunan..."

Mahalaga ito sapagkat ipinapakita na ang teleserye ay nakatutulong sa pagbuo ng *kritikal na pag-iisip at kamalayang panlipunan*. Ang paggamit ng multimodal strategies sa literacy classroom ay iniuugnay sa mas mataas na antas ng critical engagement — isang bagay na sinusuportahan din ng mga empirical studies tulad ng kay **Rohi at Nurhayati (2024)** na naglalarawan kung paano ang multimodal learning ay nakatutulong sa *secondary EFL education classroom* upang mapalawak ang pedagogical repertoire at hikayatin ang mga mag-aaral na mas kritikal na mag-tanong at mag-analisa sa isang text. (Rohi & Nurhayati, 2024)

Malinaw na ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay may positibong impluwensiya sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa tatlong pangunahing aspeto. Una, pinapataas nito ang interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga araling pampanitikan. Pangalawa, pinapalalim nito ang pagpapahalaga sa konteksto at kasaysayan ng nobela, na nagbibigay ng mas malalim na pang-unawa sa kultura at lipunan ng panahon. Pangatlo, naiuugnay ng teleserye ang teksto sa kontemporaryong buhay, kaya nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas konkretong pag-unawa at kakayahang ilapat ang mga aral sa kanilang pang-araw-araw na karanasan.



Hindi lamang nito pinadadali ang pag-unawa sa teksto, kundi pinapalalim din ang empatiya, kritikal na pag-iisip, at kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga resulta na ang paggamit ng multimodal teaching strategies ay napakahalaga sa isang learner-centered at contextualized na pagtuturo ng panitikan sa makabagong klasrum. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan, aktibo, at interaktibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Konklusyon

Batay sa pagsusuri ng datos, malinaw na ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay may positibong impluwensya sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. Hindi lamang nito inilalarawan ang mga pangyayari sa nobela, kundi nagsisilbing makabagong midya na nagbubukas ng mas malalim na interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto. Sa pamamagitan ng biswal at dramatikong representasyon, nagiging mas konkretong karanasan ang mahihirap na tema at simbolismo ng nobela.

Ang teleserye ay nakatutulong sa pagpapalalim ng talakayan sa klase, pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, at paglilinang ng empatiya sa mga mag-aaral. Sa malikhaing gawaing pampanitikan tulad ng performance tasks, spoken poetry, role-playing, at digital presentations, naiuugnay ng mga estudyante ang aral ng nobela sa kanilang sariling karanasan at sa kontemporaryong lipunan.

Sa kabuuan, ang paggamit ng teleserye sa pagtuturo ng Noli Me Tangere ay nagpapalawak ng pedagogical repertoire ng guro at nag-aambag sa mas kontekstwal, multimodal, at makabuluhang pagkatuto. Pinapalakas nito ang interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan at kasaysayan, at nagbubukas ng mas malalim na pag-unawa sa lipunan, kultura, at moral na aral ng nobela. Ipinapakita ng pag-aaral kung paano maaaring isama ang makabagong midya sa pagtuturo ng klasikong panitikan nang hindi nawawala ang akademikong lalim at pagpapahalaga.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral at suportado ng peer-reviewed na literatura, inirerekomenda na:

Para sa Department of Education-Rehiyon XII, maaaring isaalang-alang ang integrasyon ng makabagong adaptasyon ng panitikan, tulad ng teleserye, sa kurikulum upang gawing mas makahulugan at konkretong karanasan ang pagtuturo ng mga klasikong akda. Mahalaga rin ang pagbibigay ng sapat na pagsasanay at suporta sa mga guro upang magamit nang wasto at epektibo ang teleserye sa konteksto ng orihinal na nobela, kabilang ang paggamit ng multimodal literacy practices. Ayon kina Daulay & Dewi (2025), ang paggamit ng multimodal literacy approach ay nakapagpapataas ng pag-unawa at partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa kapag isinama ang biswal at tekstwal na pantulong. Pinagtibay naman sa pag-aaral nina Rocamora & Baguio (2025) na ang multimodal teaching practices ay nagpapalawak ng pedagogical repertoire ng mga guro at nag-uudyok sa mas malalim na kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Bukod dito, ayon kina Linder & Falk-Ross (2024), ang pagsasanay sa guro sa paggamit ng multimodal resources ay mahalaga upang epektibong maisama ang visual, tekstwal, at dramatikong materyales sa klase.

Para sa pamunuan ng paaralan, maaaring palakas ang suporta sa mga guro sa pamamagitan ng mga pagsasanay, seminar, at iba pang programang nakatuon sa paggamit ng modernong midya sa pagtuturo. Ayon kina Carcamo & Pino (2025), ang integrasyon ng biswal at digital na kagamitan sa pagtuturo ay nagpapalalim ng pag-unawa at engagement ng mga mag-aaral. Pinagtibay rin nina Rocamora & Baguio (2025) na ang suportang administratibo at professional development ay kritikal sa epektibong paggamit ng multimodal pedagogy. Mahalaga ring hikayatin ang kolaborasyon sa pagitan ng guro at pamunuan upang maiangkop ang teleserye sa iba pang asignatura o interdisiplinaryong proyekto, na nagbibigay ng mas malawak na perspektibo at aplikasyon ng panitikan sa iba't ibang konteksto.

Para sa mga guro, maaaring ipagpatuloy at pagyamanin ang paggamit ng teleserye bilang pantulong sa pagtuturo gamit ang integratibong pamamaraan. Maaaring gamitin ang paghahambing ng teleserye at nobela, interaktibong talakayan, pagsusuri ng simbolismo at tema, at malikhaing gawaing pampanitikan tulad ng performance tasks at spoken poetry. Ayon kina Daulay & Dewi (2025) at Rocamora & Baguio (2025), ang paggamit ng multimodal elements ay nagdudulot ng mas mataas na interes at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan, na nagreresulta sa mas aktibong partisipasyon at kritikal na pag-iisip sa klase.

Para sa mga mananaliksik, maaaring isulong ang patuloy na pag-aaral at pagsusuri ng karanasan sa pagtuturo gamit ang teleserye upang mapabuti ang pedagogical strategies at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinapakita nina Carcamo & Pino (2025) na ang pagsusuri ng multimodal na kagamitan sa pagtuturo ay nagbibigay daan sa mas epektibong pedagogical na mga estratehiya at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto. Rekomendado rin ang mas malawak at mas malalim na pananaliksik hinggil sa epekto ng teleserye at



International Journal of Education, Learning,
and Pedagogical Sciences

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)

P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777

National Book Development Board (NBDB)
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

PRC-CPD Accredited Provider:
PTR-2025-749

iba pang modernong midya sa interes, pag-unawa, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan, bilang paraan upang mas mailahad at maipakita ang potensyal ng multimodal na pagtuturo sa larangan ng edukasyong pampanitikan sa Filipino.

REFERENCES

- Azores, A. E., & Velasco, C. Q. (2025). Use of interactive video story in enhancing the reading comprehension of Grade Six pupils. *International Journal of Social Sciences, Humanities & Multidisciplinary Research (IJSSHMR)*, 4(6), 17. <https://doi.org/10.58806/ijsshmr.2025.v4i6n17>
- Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
- Carcamo, B., & Pino, B. (2025). Developing EFL students' multimodal literacy with the use of infographics. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, 10, Article 16. <https://doi.org/10.1186/s40862-025-00322-3>
- Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2023). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (5th ed.). SAGE Publications. <https://collegepublishing.sagepub.com/products/qualitative-inquiry-and-research-design-5-266033>
- Daulay, E., & Dewi, U. (2025). Reading comprehension through multimodal literacy approach for English education. *ETERNAL (English Teaching Journal)*, 16(2). <https://doi.org/10.26877/eternal.v16i2.1910>
- Fradana, A. N., Suwarta, N., & Sotlikova, R. (2025). Strengthening multimodal literacy through digital literary text learning: Enhancing students' achievement in the age of disruption. *Journal of Language and Literature Studies*, 5(1), 216–225. <https://doi.org/10.36312/jolls.v5i1.2635>
- Gomez, D. (2022). Unveiling the views of students on the selected novel of Jose Rizal: A historical approach. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(16), 69–72. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.365>
- Karaktan, A., & Verma, A. (2025). The role of literary adaptation in teaching English literature: A pedagogical approach. *Idealistic Journal of Advanced Research in Progressive Spectrums*, 4(4), 103–109. <https://journal.ijarps.org/index.php/IJARPS/article/view/677>
- Linder, R. L., & Falk-Ross, F. (2024). Multimodal resources and approaches for teaching young adolescents: A review of the literature. *Education Sciences*, 14(9), 1010. <https://doi.org/10.3390/educsci14091010>
- Liu, W., Jamaludin, K. A., & Hamzah, M. I. (2024). Systematic review of culturally responsive teaching and implications for technical communication education. *Multidisciplinary Reviews*, 8(4), 2025117. <https://doi.org/10.31893/multirev.2025117>
- Mayer, R. E. (2021). Cognitive theory of multimedia learning. In R. E. Mayer & L. Fiorella (Eds.), *The Cambridge handbook of multimedia learning* (2nd ed., pp. 31–56). Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/9781108657132.004>
- New London Group. (1996). A pedagogy of multiliteracies: Designing social futures. *Harvard Educational Review*, 66(1), 60–92. <https://doi.org/10.17763/haer.66.1.17370n67v22j160u>
- Republic Act No. 1425, s. 1956 (June 12, 1956). An Act to include in the curricula of all public and private schools... Official Gazette of the Philippines. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra_1425_1956.html



International Journal of Education, Learning,
and Pedagogical Sciences

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)

P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777

National Book Development Board (NBDB)
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

PRC-CPD Accredited Provider:
PTR-2025-749

- Rocamora, M. S., & Baguio, J. B. (2025). Multimodal literacy and creative teaching practices of public elementary school teachers. *Archives of Current Research International*, 25(7), 199–212. <https://doi.org/10.9734/acri/2025/v25i71325>
- Sotto, A. M., & Barquilla, A. (2025). Pagsusuri sa pananaw ng mga guro hinggil sa telenobelang Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino. *Lukad: An Online Journal of Pedagogy*, 4(1), 19–45. <https://philarchive.org/rec/SOTPSP>
- Veliz, L., & Nguyen, M. H. (2025). Multiliteracies pedagogy: Teachers' interactive and reflexive positionings in EAL classrooms. *The Australian Journal of Language and Literacy*. <https://doi.org/10.1007/s44020-025-00090-0>
- Rohi, M. P., & Nurhayati, L. (2024). Multimodal learning strategies in secondary EFL education: Insights from teachers. *Voices of English Language Education Society*, 8(2). <https://doi.org/10.29408/veles.v8i2.26546>
- Tumacder, J. R. O., & Ramos, A. (2025). Salamisim: Sipat-Suri sa adaptasyong teleseryeng Maria Clara at Ibarra batay sa nobelang Noli Me Tangere sa lente ng seksismo. *International Journal of Research Studies in Education*, 14(8), 311–323. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25068>